


# KALYE BENTRESAIS





# MAKINARYA

dibuho at salita ni greg gian gunio

nagpapatuloy sa pag-ikot ang lipunan dahil sa sikap ng mga anakpawis—mga uring nag-aalay ng dugo at buhay upang tumatag ang haligi ng lipunang kinatatayuan ng lahat ng estado. ang dusa ng isa ay dusa ng lahat at ang pagbagsak ng isang antas ay pagbagsak ng lahat. walang makakaligtas sa bangis ng sistemang ang lahat ay may pananagutan.

dahil sa kabila ng ating pagkakaiba-iba,  
**nakapaloob tayo sa iisang makinarya.**

ANG  
LATHALA  
NA ISINULAT  
SA PANGALAN NG  
KALYE BENTE SAIS AY  
BUNGA NG MGA MAKULAY  
MASALIMUOT, AT MAKATAONG  
KARANASAN NG MGA MANUNULAT  
AT NG LIPUNAN. WALANG KALYE KUNG  
WALA ANG PUNDASYON NG AMING SINING,  
HINAGPIS, AT INSPIRASYON; PAMILYA NAMIN,  
MAHAL SA BUHAY, PROPESOR SA KULTURA, COMM,  
AT LIPUNAN, AT HIGIT AY PARA SA MASANG PILIPINO.

PAGKILALA

# PAG-AALAY

ANG LITERARY FOLIO NA ITO AY BUONG PUSONG INIAALAY  
SA MGA URING BUMUBUO AT PATULOY NA BUMUBUHAY  
SA BAWAT SULOK AT ESKINITA NG ATING MGA KALYE;  
SA MGA ANAKPAWIS NA PATULOY NA NAKIKIBAKA  
PARA SA ISANG PATAS AT MAKATARUNGANG  
LIPUNAN PARA SA KANILA; SA MASANG  
MANGGAGAWA NA PATULOY SA PAG-  
KAYOD UPANG MAY MAIKALAM  
SA SIKMURANG AYAW NANG  
MAKALASAP NG HIRAP;  
AT SA HARING URI  
NA NAGPAPA  
HIRAP SA  
ATIN

-

# CONTENTS

*Introduction* 1 - 2



Damit ni Baron 12 - 13




Hindi Baha Ang  
Maglulubog sa  
Pilipinas. 4 - 5



Higit sa Sapat,  
'Di Sa'kin  
Nararapat 14 - 15



Barya Laban  
Sa Presyo 6 - 7




RICO 16 - 17



Sa Pawis Ko'y  
Yaman Nila 8 - 9



Lason Mang  
Maging  
Mahirap... 18 - 19



Huling Gatang 10 - 11



Nakakapagod  
Bumyahe  
Papuntang Rosario 20 - 21



---

**Kasalanan ba  
ang Sumunod  
sa Tama**

**22 - 23**



---

**Ipagdadasal  
Kita sa Quaipo**


**24 - 25**



---

**Mga Pintang  
Hindi  
Makamtan**


**26 - 27**



---

**Nakita ko ang  
Diyos Kagabi**

**28 - 29**



---

**Pag-Asa**


**30 - 31**



---

**Dahil  
Kaluguran  
Daka**

**32 - 33**



**Sa Gitna ng  
Dalawa**


**34 - 35**



---

**Bulag o Mga  
Tanga**

**36 - 37**



---

**Tastas na  
Tatas**

**38 - 39**



---

**Isda Kayo  
D'yan**

**40 - 41**



---

**Hindi Lahat ng  
Nakikita**

**43 - 44**



---

**Saan Ako  
Lulugar**

**45 - 46**



---


**What Rose To  
The Surface**

**47 - 48**



**KUPAS**

**57 - 58**



---

**dear, mama**

**49 - 50**



**Namamahay  
Ako sa Sarili  
Kong Bahay**


**59 - 60**



---

**Palakpak  
Walang Gitna**

**51 - 52**



**Paalam na  
Hindi Handa**


**61 - 62**



---

**Hindi Ako  
Tamad**

**53**



**Porkilo  
per kilo**


**63 - 64**



---


**Dalawang Gilid  
ng Piso**

**54**



**How to Boil a  
Fvcking Egg**


**65 - 66**



---


**Panibugho Ni  
Mariang  
Manggagawa**

**55 - 56**



**Grave Devotion**

**67 - 68**



---

**A Feast by the Rich**

**69 - 70**



**The View from High Places**


**81 - 82**



---

**Tug of War**

**71 - 72**



**Privilege Mart**

**83 - 84**



---


**The Lucky 9**

**73 - 74**



**Espresso**

**85 - 86**



---

**Black Card**

**75 - 76**



**Home-made**

**87**



---

**Blood Throne**

**77 - 78**



**Hope-made**

**88**



---

**C'est la vie**

**79 - 80**



**PLUTO**


**89 - 90**



---

**ANGEL DOWN**

**91 - 92**



---

**God, save the  
indios!**

**93 - 94**



---

**EDITORIALS**

**95 - 96**

---

ANAK, KANINO KA TATAKBO  
IKAW NA BATANG ISINILANG SA DAHAS NG MUNDO.  
BATA, BATA, ANO ANG GAGAWIN MO  
KAPAG DUMATING ANG PUNTO  
NA MAIPIT KA SA GIYERA NG MGA HUWAD NA DIYOS  
AT MGA SANTO?

ILILIGTAS MO BA ANG SARILI MO,  
O MAGPAPAGAPI NA LAMANG SA MGA ANINO?

DIBUHO AT SALITA NI GREG GIAN GUNIO

A painting of a person with a raised fist holding a banner. The person is wearing a purple shirt and a dark hat. The background is a mix of blue and yellow. The banner is red with white text.

GRACE JOY MADERAZO  
LITERARY EDITOR

# HINDI BAKA ANG MAGLULUBOG SA PILIPINAS.



## Isinulat ni Maestro

NAG-ALAGA TAYO NG BUWAYA, HAYON SILA AT NAG-UUMALPAS!  
HAYOK NA HAYOK SA PERA, PONDO AY 'DI RIN PINALAMPAS!  
SINONG HANGAL ANG NAGREREKLAMO GAYONG SIYA RIN ANG DITO  
AY NAGLUKLOK!  
MGA NAGPABULAG SA PLATAPORMA, NGAYON NASAAN SILA?

BUHAY ANG NAGING KAPALIT NG PERANG NINAKAW!  
NAKAHILERA ANG MGA BANGKAY AT NILALANGAW!  
PONDONG NAKALAAN SA PROYEKTONG PANGKALIGTASAN.  
HAYON AT NASA BULSA NG GANID NA HUKLUBAN!  
HANGGANG KAILAN SASAMBA AT MANANAHIMIK?  
HANGGANG KAILAN MAGPAPANGGAP NA BULAG SA TUNAY NA  
SALIK?

TUMAYO AT KALAMPAGIN ANG MGA BWITRENG NASA POSISYON!  
SA BAYAN ANG SIMPATIYA AT HINDI SA MGA 'YON!  
SILA AT ANG MGA HIBANG NILANG TAGA-SUNOD AY  
NAKAPANGHIHINA.  
TUNAY NGANG KURAPSYON ANG MAGIGING DAHILAN NG PAGLUBOG  
NG BANSA—HINDI ANG BAHÁ.

# BARYA LABAN SA PRESYO NI BRYT

Alas-kwatro palang ng madaling araw,  
nakahanda na, handang bumiyahe at maglingkod.  
Ngunit bago pa man umandar,  
tila ba ay kay bigat na ng pangamba.

Manibela, ito ang araw-araw na hawak ng mga tsuper.  
Mga tsuper na bitbit ay malaking pag-asa  
upang kahit kakarampot na kita ay may nauwi sila.

Kalsada, ito ang saksi sa kanilang pagod at hirap.  
Sa mga araw na tila ba ay humihinto ang lahat  
at para bang gulong ng buhay ay ayaw nang umikot.

Ang diesel, na dati ay abot-kamay,  
ngayon ay umabot sa halagang ilang daang piso.  
Kada litro, kada tangke, lalong lumulubo  
ang gastusin, habang ang kinikita ay patuloy ang pagliit.

Maghaponng kita sa pasada, hindi pa rin sapat.  
Sapagkat ang langis ay patuloy lang sa pagtaas.  
Ang tulong na ibinigay ay panandalian lamang—hindi  
tumatagal,  
hindi sapat sa pangangailangan.

Marami na ang tumigil, hindi na nagbalak pang  
bumyahe.

Naglaho ang hanapbuhay na tanging  
pinanghahawakan.

Ngunit patuloy pa ring lumalaban at umaasa—  
umaasang balang araw  
ay giginhawa rin ang kanilang buhay.

Sa ilalim ng init ng araw o ulang walang balak na  
tumigil.

Sila ay nagpapatuloy, walang hinaing na maririnig  
sapagkat walang pagpipilian.

Kahit ang katawan ay puno ng lamig at kirot,  
sila'y nananatiling matatag—puno ng pag-asa.

Ang aking pagsaludo ay nasa mga biktimang tsuper.  
Gaano man kagulo ay handa pa rin silang  
lumaban ng patas—handang tayo ay ligtas na maihatid.

Hiling namin ay inyong pagtuunan ng pansin.  
Ang palakat na naghahangad ng ginhawa—pagbabago.  
Huwag nang mas pagdamutan ang mga pinagkaitan.  
Sila'y tao lamang ring nais ng kaayusan—naghahangad  
ng kaginhawa



DUGO, LUHA, AT PAWIS,  
ANG ISINAKRIPISYO.  
ANG BINIGAY KO'NG BUWIS  
SA MAYAMA'Y REGALO.

AKO ANG NAGHIHIRAP,  
IBA ANG LUMALAGO.  
UBOS NA ANG PANGARAP,  
PAG-ASA'Y NAGLALAHO.

PATULOY TUMATAAS,  
SILA NA MAYAYAMAN.  
AKO'Y DI MAKATAKAS,  
SA BUHAY KAHIRAPAN.

UMAGA'T, PATI GABI'Y  
BANAT NA ARING BUTO.  
ESTADO'Y GANON PARI'Y  
WALA NANG PAGBABAGO.

HINDI AKO ANG PROBLEMA,  
NI ANG AKING TRABAHO.  
ANG BULOK NA SISTEMA,  
ANG PUNO'T-DULO NITO.

*Sa Pawis Ko'y Yaman Nila*

*sa panulat ni SML*



# **HULING GATANG**


kolaborasyong akda nina ALAB at uno

ANG BAWAT PAMILYA MAY HIRAP NA PINAGDARAANAN,  
ANG IBA SA ATIN MULAT SA KAHIRAPAN.  
ISANG GATANG NA BIGAS NG DAHIL SA KAHIRAPAN,  
PINAGKAKASYA SA HAPAG KAINAN.

KONTING KITA, MAHAL NA BILIHIN,  
KUNG MARAMI SA PAMILYA HIRAP PAGKASYAHIN.  
ANG ISANG GATANG KAILANGANG LUGAWIN,  
UPANG BUKAS MAYROON PANG KAKAININ.

BILANG ISANG KABATAAN NA NAMULAT SA KAHIRAPAN,  
LAGING INIISIP UMAHON SA KAHIRAPAN.  
ANG ISANG GATANG NA BIGAS NA NASA HAPAG KAINAN,  
BALANG ARAW ITOY MARARAGDAGAN.

MARAHIL KUNG IISIPIN,  
ISANG GATANG NA BIGAS PAANO PAGKAKASYAHIN.  
PARA SA PAMILYANG 3 TATLONG BESES KUMAIN,  
TUBIG AT ASIN KANILANG UULAMIN.



# BARON

larawan at piyesa ni nanan

mula sa sinapupunan ng isang kaladkarin,  
iniluwal sa katreng garwa sa  
pinagtagping sapin  
at mga kartong tatapunin  
ang isang batang nagnangalang

baron.

lumaking ang damit ay punit,  
gusot-gusot;  
laman ng pitaka'y limang singkong butas  
na sa tabing kalsada'y napulot.  
gan'yan karabas ang reyalidad sa isang batang  
pinagkaitan,  
pinagdamutan ng kapaliran.

ngunit sa kabila ng samu't saring ligalig,  
ang tangi niyang salig:

"salamat sa d'yos at may nangunguya pa rin  
aring aking bibig—  
kabit panay pagpag ang kumakapit  
sa aking gilagid'

lumilipas ang araw, at nabububay siya sa  
usok at bulabog ng mundo.  
paikot-ikot, tangay ang sakong lalagyan ng  
mga damit na napulot.

at sa oras na makauwi, bating-gabi  
mga damit na napulot ay sinisipi  
kinukisot gamit ang tubig na igib sa  
babay na katabi  
tinatangal ang mga mantsang bakas—  
mga  
butas ay pinagtatagpi-tagpi.

at sa pagpikit ng kaniyang mata  
upang ipabinga at ibanda ang sarili sa  
pagsapit muli ng umaga,  
sinisipat ang repleksyon ng mga  
nagtatayugang gusali sa maynila  
kalakip ang isang taimtim na  
panalangin

ang pagkawala ng isang biningang  
malalim  
ang binitbulong sa bangin—

"kailan kaya ako makakabili ng damit na magara?"

## HIGIT SA SAPAT, NA 'DI SA'KIN NARARAPAT

Aliteya

Sa buhay ni nena, limitado ang pera pangbili ng mga kailangan.

Buwanang tinutustusan ni panganay, pangangailangan sa buong bahay.

Minsang humiling ng palabis, nagdagdag sa kart ni nanay.

Ayan na at nanlilisik mga mata, at pabulwas na winika ni ina

"Husto na ang isa, 'wag kang gahaman sa mga bagay-bagay"

"Tila hindi naman ata tama ina, ibuhos nang bigla ang galit kay nena"

"Bukod pa'y iyan nama'y kailangan kung ano'ng kailangan nya".

Oo nga naman, anong mali sa ginawa ni nena?

Gayong ang ninais nyang isama ay kanyang pangangailangan.

Dahil ba sa tingin ni ina ay kapag may isa ay husto na?

Na ito ay sasapat na?

Doon ko napagtanto, ang hirap ng ganito.

Mali pala na magkaroon ng higit sa sapat, maling bigyan ng pasobra ang lahat.

Pero hindi sa lahat ng tao, ito'y magiging mali.

Sa tanging gaya ko lamang na buhay ay tila nakakapit sa manipis na tali.

Napagkaitan ng nag-uumapaw na binhi, binhing maituturing bilang kayamanan.

Oo nga, tila mali magkaroon ng higit sa sapat, kapag sa yaman ay patid at salat.



## RICO

Yami


Lumaki si Rico sa isang maliit na barangay sa Batangas. Hindi naman sila sobrang hirap, kumbaga ay sumasapat lang talaga ang kinikita ng kanyang mga magulang. Yung tipong minsan, kailangan pag-isipan kung may ulam pa ba bukas. Kaswal na manggagawa sa konstruksyon lang ang kanyang tatay, at ang kanyang nanay naman ay naglalaba lang kung saan-saan. Si Rico ay tahimik lang. Hindi siya palabiro o maingay sa klase. Mas gusto niya lang makinig at matapos yung mga gawain nya. Pangarap niya talaga makatapos para kahit papaano, gumaan ang buhay nila. Pero sa kanilang paaralan, hindi yun ganun kadali. Halata kase sa kanya na hirap sila sa buhay. Yung uniform niya ay luma na; ang sapatos niya ay kupas na at may konting sira; ang bag nya ay puro tahi. Sa una okay lang. Kaya pa niyang tiisin yung mga tingin ng iba sa kanya. Pero habang tumatagal, nagiging salita na ito. Hanggang umabot sa mga masasakit na salita. Minsan, nagtatawanan lang sila. Minsan, parang wala lang sa kanila. Pero kay Rico, hindi.

Isang araw, may group activity sila. Walang may gustong kumuha sa kanya. Napunta sya sa grupo na kulang nalang ng isa. Kita niya sa mukha nila na ayaw talaga sa kanya.

*“Okay na, no choice tayo eh”* wika ng kanyang mga ka grupo.

Napangiti nalamang si Rico, pero ang totoo ay nasaktan siya sa nasabi ng kanyang mga kaklase. Pinakamasakit iyong nangyari noong tanghali. Habang nasa classroom, napansin ng kanyang mga kaklase yung bag niyang may punit sa gilid. May kumuha nito, tinaas, tapos pinakita sa iba. Nagtawanan ‘yung iba—ang mangilan nakatingin lang. Hindi kumibo si Rico. Lumapit siya, kinuha yung bag niya, at tahimik na umupo ulit. Parang normal lang sa iba, pero sa kan’ya hindi na. Pag-uwi niya, ganoon pa rin. Tumulong siya sa bahay, kumain kasama pamilya niya, ‘pagkatapos ay ngumiti. Hindi niya sinabi kahit kanino ang kanyang pinagdadaanan. Ayaw niyang marinig ng nanay nya. Ayaw niyang mag-alala pa sila. Pero simula nun, nagbago siya. Mas naging tahimik, hindi na siya sumasali sa usapan. Minsan, tulala lang siya. Kahit tinatawag siya ng guro, na para bang wala siyang naririnig. Isang gabi, nakaupo siya sa labas ng bahay nila. Tahimik, Nakatingin lang sa malayo. Napaisip siya. Pakiramdam niya, kahit anong gawin niya, hindi na mababago ang buhay niya. Kinabukasan, hindi na siya pumasok. Hanggang sa kumalat ang balita sa buong barangay.

Wala na si Rico.



**ALITEYA**  
**LASON MANG**  
**MAGING**  
**MAHIRAP**

POVERTY




Sabi nila lason ang **pagiging mahirap**,  
Lalo na sa taong may **pangarap**.  
Ngunit hindi **ganoon** ang nais kong iparanas sayo.  
Kailanma'y di ko nanaising kasuklaman mo ang **pagiging mahirap**,  
Malunod sa kaisipang ito'y hadlang sa **pangarap**.

Ngayong habang maaga pa,  
Huhubugin ang **isipan** at **gagawan** natin ng **paraan**.  
Ako, kaagapay ang tatay mo ay hindi sa iyo ipapadama  
na imposible marating ang **pangarap**,  
Magkagayon mang sinilang ka sa hirap.

Pudpod mang tsinelas ang suot sa paaralan,  
Uniporme man ay bitin sa mumunting katawan.  
Bilang ng kuwaderno ma'y sapat lamang sa kailangan,  
Wala ka mang magarang lapis at lalagyan.  
Basta't dala mo ang aral na ang maging mahirap ay 'di  
kahihayan.

Mapapagtagumpayan ng mumunting puso  
ang tamis at alwan sa buhay na inaasam-asam.  
Sa paglipas ay 'wag kalilimutan,  
Kami ng iyang ama ay lingunin, hagkan, o kahit kawayan.  
Bilang ala-ala, huwarang magulang ang kinagisnan,  
nitong binata na ngayo'y nakapormal na kasuotan.



## NAKAKAPAGOD BUMYAHE PAPUNTANG ROSARIO MAESTRO

HUMINTO SI MANONG SA HARAP NG PULANG UNIBERSIDAD—NAGHIHINTAY NG PASAHERO.  
RINIG KO ANG HIYAW NG LALAKING NAGTATAWAG NG PASAHERO—BALAGTAS, TERMINAL, SAKAY NA  
KAYO!  
PUNO NG DYIP ANG GILID NG DAAN, NAGBABAKASAKALING MAKAKAKUHA NG PANGLAMAN SA TIYAN.  
OO, SA ILALIM NG TIRIK NA ARAW AY HAYUN SILA—PATAS NA LUMALABAN!

BINAYBAY NAMIN ANG KAHABAAN NG LAWAS, BAWAT MADAANAN AY PAWANG NAGMAMADALI.  
MGA EMPLEYADO, ESTUDYANTE, MATATANDA AY KAPUWA SINUSUONG ANG INIT NA MASAKIT NA SA  
BALAT  
BAKIT NGA BA HINDI MARANASAN NG MGA TANGANG POLITIKO ANG BUHAY NG MGA NORMAL NA  
MAMAMAYAN?  
\$ILANG BINIGYAN NG PAGKAKATAONG MAMUNO AY SIYA RING MGA GANID NA UMUUBOS SA BAYAN.

BUSINA NG MGA SASAKYAN ANG SUMALUBONG SA AKIN PAGBABA KO SA BABAAN, LAHAT AY TILA  
MAY HINAHABOL—MARAHI ANG ORAS NA BATAYAN NG MAKUKUHA NILANG SWELDO, SINO NGA BANG  
GUSTONG MAHULI?  
NARATING KO ANG SAKAYAN NG ROSARIO—PAALIS NA NGUNIT WALA PANG SAMPO ANG PASAHERO.  
\$ABADO NGA PALA, WALANG PASOK SA ESKWELA KAYA MARAHIL KAUNTI ANG PASADA—SAYANG  
SA GASOLINA!

NAGTATANONG SI MANONG KUNG MAY MALIIT DAW BANG HALAGA—  
WALA KAYA SIYANG PANUKLI O MAHINA LANG TALAGA ANG PASADA?  
PAANO NIYA KAYANG NAPAGKAKASIYA ANG DALAWANG DAAN NA KITA?  
KUMAKAIN PA KAYA NG TATLONG BESES SA ISANG ARAW ANG KANILANG PAMILYA?

NAKAKAINIP ANG BYAHE SA KAHABAAN NG ROSARIO, KASINGHABA IYON NG MGA PLATAPORMANG  
ISINUBO NG MGA BANGAG NA POLITIKO SA TAO.  
MASAKIT NA RIN ANG ULO KO KAKAUMPOG, MAS NAUNA PA KASING GUMANDA ANG BAHAY NILA  
KAYSA SA DAANG NAPAKA-ALOG.  
HINDI KO RIN MAIWASANG MATAWA SA MGA NAGLALAKIHANG TARPOLIN NG MGA BUWAYA—LABAS  
ANG NGIPIN SA NGITI, MAY MAIBULSA NA NAMAN SIGURO SILA.  
NASA PALIGID NA ANG EBIDENSIYA NG BULOK NA SISTEMA NGUNIT MARAMI PA RIN ANG  
NAGPAPALOKO SA SALITA.  
NAKAKAPAGOD BUMYAHE SA BANSANG ITO—NAGKALAT ANG MGA SINUNGALING AT UTO-UTONG TAO.

Sabi nila, kapag sa tamang tawiran ka dumaan, ligtas ka pero noong umagang iyon, natutunan kong hindi lahat ng tama ay sapat para iligtas ka.

“Ma, pa, pasok na ako.” Lunes, alas singko ng umaga, malamig ang simoy ng hangin na tila may binubulong na pangamba. Ngunit hindi ako nabagabag; masaya akong papasok, walang alintana ang panganib na palihim na nagbabantay.

‘Oy jeep, makakatipid ako,’ bulong ng isip ko, kaya’t sa pedestrian lane ako tumawid—doon daw kasi ligtas. Pero bakit ganon? Ginawa ko ang tama, ngunit ako pa rin ang nasalanta.

Hindi ko inaasahan ang mangyayari. Nakangiti, handang bumati ng “salamat,” ngunit sa halip ay bangga ang sumalubong. Sigaw ng isang babae ang tanging narinig ko; ni plate number o mukha, hindi ko naaninag. Takot at hiya ang bumalot sa akin. Kasalanan ba ang sumunod sa tama?

Hanggang ngayon, dala ko pa rin ang pangamba. Sa bawat pagtawid, nanginginig ang tuhod, “teka lang” ang bukang-bibig. Sabi nila, **Tumawid kayo sa tamang tawiran para masiguro ang inyong kaligtasan.** Ngunit buhat ng umagang iyon, takot na ang aking gabay.



# KASALANAN

## BA ANG

## SUMUNOD

## SA TAMA

Binday



# *ipagdadasal kita sa quiapo*

LARAWAN AT PANULAT NI NANAN

lalakaran ko nang nakaluhod ang kalakhan ng quiapo  
at hihilingin sa mga banal na santo  
na bumitaw ka na sa akin at maglaho.  
iinumin ko ang banal na tubig na rito'y tinitinda.  
titiisin ang pamimilipit ng aking sikhmura.  
igagapos ang aking sarili upang hindi na makawala,  
sa kapelya ng aking mga lihim at pagkasala.

hahayaan ko na umagos ang dugo ng banal na aparisyon  
mula sa sinapupunan ko.  
sa pag-asang mababago nito ang  
ikot ng kapalaran ko.

hindi pa ako handang magsilang ng kasalanan dito sa mundo.

sasambahin ko ang pantasyang katabi kita  
sa pagtulog ko.  
at mapasaakin ang kalingang dulot mo na ipinagkait  
sa akin ng ibang tao.  
ngunit, hindi pa handa ang kaharian ng impyernong ito  
sa pagdating mo,

anak ko.

maintindihan mo naman siguro ako,  
kung magiging makasarili ako para sa ating pareho.

sana maintindihan mo ako,  
kung ipagdarasal ko ang pagbitaw mo  
rito sa quiapo.

# MGA PINTANG HINDI MAKAKAMTAN

Elehiya para kay Liam  
Harana

Unang araw na makakasama kita, hindi ko akalaing iyon na rin pala ang magiging huli nating pagsasama.

Umalis ako ng bahay na may ngiti sa aking mga labi, dala ang pananabik sa nalalapit mo'ng pag dating.

"Makikita na kita," aking sambit sa aking sarili—habang inaayos ang bag na nakasabit sa aking balikat; bag na naglalaman ng maliliit mong damit, mga bagay na inipon naming may halong pangarap at pag-asa.

Sa pila, naroon ang mga inang sabik na masilayan ang kanilang mga supling. Isa na roon ang aking ina—ang iyong ina—na tila mas maliwanag pa ang ngiti kaysa sa sikat ng araw. Sa bawat hawak ko sa kanyang kamay, ramdam ko ang kabog ng kanyang puso, puno ng pag-asa at saya para sa'yo.

Ngunit sa haba ng aming pinila, tila ba pati ang tadhana ay napagod. Ang makinang sana'y magsasabi ng iyong kalagayan ay sira.

Naglakad kami.  
Nagtiis.  
Kahit tirik ang araw na wari'y sinusubok ang aming lakas.

Hanggang sa dumating ang gabing bigla ka'ng nanahimik.

Isang katahimikang masakit pakinggan.  
Isang katahimikang hindi namin matanggap.

Kahit alam na namin ang sagot, patuloy pa rin kaming naghanap ng doktor, ng pag-asa, ng himala. Hindi lamang para sa'yo, kun'di para rin sa mga pusong unti-unti nang nadudurog. Sa gitna ng init, walang tigil ang aming mga paa.

Isa...  
Dalawa...

Tatlong ospital na ang aming nalapitan. Ang una—walang sapat na kagamitan upang masuri ka. Ang pangalawa—sarado, kahit na punong-puno ng mga taong umaasa sa labas.

At sa unang pagkakataon, ang lungkot ay sinabayan ng galit: galit sa sistemang nagpabaya, galit sa mundong piniling manahimik, galit sa mga dapat sana'y kumikilos, ngunit piniling tumingin sa iba.

Kung may sapat lamang na kagamitan...  
Kung may sapat lamang na doktor...  
Kung may sapat lamang na malasakit...

Nandito ka pa sana.

Umuwi kaming may dalang katahimikan. Wala ang iyak ng sanggol na inaasam. Wala ang unang sigaw ng buhay. Wala ka. Sa halip, ang dala namin ay isang maliit na kahon—gaanong kagaan na siyang kabaliktaran ng bigat na iniwan mo sa aming mga puso. Nakatitig ako sa silid na sana'y para sayo. Ang mga pader na dapat ay may kulay, nananatiling blangko. Ang mga pintang dapat ay puno ng buhay, hindi ko na kayang simulan. Paano ko ipipinta ang isang mundong hindi mo na masisilayan?

Paano ko bubuuin ang mga larawang ikaw sana ang sentro? Ngunit sa bawat gabing tahimik, iniisip ko—siguro, sa ibang mundo. May silid kang puno ng kulay. May mga pintang hindi kailanman mabubura.

At naroon ka, masaya, malaya, buo.

At ako, narito pa rin. Hawak ang mga pintang hindi ko na maipinta.

Mga pintang para sayo. Mga pintang paig na't kahit kailanman ay hindi ko na masisilayan.

Mga inang may kasama. Mga inang nag-iisa. Mga matang puno ng saya na siyang aking kinaiinggitan. Ang pangatlo—kulang sa tao, kulang sa kama, kulang sa lahat. Ngunit hindi kulang sa pasyente.

Hindi kulang sa naghihintay.  
Hindi kulang sa mga nawawalan.

'Paano ko pa mapipinta ang mga larawang matagal ko nang pinlano para sa iyong silid?'

Tanong ko sa aking sarili habang mahigpit ko'ng hinahawakan ang kamay ng ating ina—kamay na unti-unting nawawalan ng lakas. Akala ko, doon na matatapos ang aming pagdurusa. Ngunit dumating ang gabi—ang gabing tuluyan ka nang lumisan sa sinapupunan ng ating ina. Pagdating sa ospital, siksikan ang mga pasyente. Walang espasyo, walang pahinga—tanging paghahintay. Kahit sa labas, may mga nakahiga, nakaupo, umaasang matawag ang kanilang pangalan..

# Pag Asa

Mr. Ibarra

Sa bawat oras na mabigat ang dala,  
Mga mahihirap ay patuloy na lumalaban pa.  
Kahit kulang sa pagkain at pangarap ay nasusubok,  
Hindi sumusuko, kahit ang buhay ay mapanubok.

“Huwag huminto,” sigaw ng puso at isipan,  
Sa bawat araw na puno ng kahirapan.  
Kahit anong sitwasyon ang humarang sa daan,  
Patuloy na tatayo at muling lalaban.

Sa init ng araw at lamig ng gabi,  
Pag-asa’y hawak kahit hirap ang sanhi.  
Dahil ang tunay na lakas ay hindi nasusukat,  
Kundi sa pusong marunong bumangon matapos masugat.

Kaya sa bawat oras, araw, at pagsubok ng buhay,  
Huwag hihinto sa pag-abot ng tagumpay.  
Sapagkat balang araw, lahat ng pagdurusa,  
Ay mapapalitan din ng saya at pag-asa.

Sapagkat ang bawat hirap na dinaranas ngayon,  
Ay hagdan patungo sa tagumpay na inaahon.  
Kaya kapit lang sa pag-asa at pananampalataya,  
Dahil may liwanag ding naghihintay sa dulo ng pagdurusa.

*dakil kaluguran daka*

*kelvin at nanan*

*kaluguran daka nanan—anak ku  
pasensya naka nang yaku ing meging inda mu  
eku rin namam kiniling ing bixeng axni—  
ing ipagkait keka ing sigla ning mundo*

*pero reng gana ganang pwedi sibuknan ku—  
dakil kaluguran daka*

*kaluguran daka ma  
pero eku namam pinili ini  
eku namam buring aranasan ing pighati ning mundo  
eku namam kinilingan keka  
na ipagdalang tau mu  
eku namam buring maging anak mu*

*pero agawa kungan tiisan ita  
uling kaluguran daka*

*ala tarang agawa  
atsa ne keri ing taadhana*



*Sa pagitan ng kulang at sobra  
Doon kami natuto huminga  
Hindi man hikahos sa umaga  
Ingunit di rin panatag ang  
gabi sa pag aalala*

# SA GITNA

*May nakahain sa mesa, may ilaw ang tahanan  
Sa bawat sinag may kaakibat na bayaran  
Pambayad sa resibo'y maghapon pinagpawisan  
Iaasa na nga lang ba sa buwis ng mamamayan*

# NG

*Patuloy ang paglaban sa kamon ng buhay  
Handang mag sakripisyo dugo't pavis iaalay  
Pinatatag ng panahon upang maging mahusay  
Sa laban ng buhay nawa'y puso'y maging dalisay*

*Sa bawat ngisi may lihim na pag aatubili  
Makakamit nga ba ang buhay na minimitihi  
Kung ang paligid ay puno ng gulo at pighati  
At ang sentro ng bawat isa ay halaga ng salapi*

# DALAWA



nakita ko ang diyos kagabi  
*dibubo at piyesa ni nanan*

*babang natutulog ako sa aking silid ay bigla siyang nagparamdam,  
tabimik na bumulong sa akin at sinabi, "anak, bumiga ka".  
"kung tunay kang sa akin ay tumasampalataya,  
hubarin mo ang 'yong isot na saya".*

*bindi siya nabibihisan ng nakasisingag na liruanag,  
tulad ng madalas nilang ipakita sa mga pelikula.  
madilim at pamilyar ang pigyurang kaniyang sa akin ay ipinakita.  
bindi rin siya baging dakula gaya ng sabi nila—  
ang kaniyang bulina ay tulad lamang ng karanawang kaniyang likha.  
panis na alak at lantang sampaguita ang kaniyang balimuyak.*

ginawa ko ang nais niya.

*tumayo siya sa aking harap, lumubod sa akin  
na tila ba ako naman kaniyang inasamba.  
ako na magdalena na nagmula sa kaniyang tadyang at tibnura.  
naramdaman ko ang kaniyang presensya sa loob ng aking balamnan—  
ang mala-tubig na pagdaloy ng kaniyang mga daliri sa aking katawan.  
rumaragasa, bumubulaklak paibaba.  
danggang sa marating ang himalang nasa pagitan ng aking mga bita.*

wala ako'ng nagawa.  
*binayaan ko na lamang na gamitin ako ng lumikha.  
siguro'y bumaba lang ang espiritu ng panginoon mula langit  
at sumanib sa anyo ng aking amang nagnanasa sa akin  
upang ako at ang aking pananalig ay indukin.*

*at sa oras na siya'y malapit nang labasan  
dabil sa paglabas-masuk ng kaniyang kadakilaan,  
ay marahan niyang ibinulong sa aking mga tenga:  
"ikaw na ang inunod kay maria"*

"nakabigkis ka na sa akin, nena"

*naramdaman ko ang init ng kaniyang pagkalalaki sa akin.  
matapos ang ilang paghinga, bigla siyang tumayo  
at bumalik nang muli sa kaniyang trono—*

*sa piling ng aking inang mabimbing na nagpapabinga.*

# BULAG O MGA TANGA?

*Malas ang nasa pagitan—  
hindi naman dukha, hindi rin mayaman.  
Gitnang uri na laging bihag,  
takot mawalan ng ginhawa.*

*Habang ang dukha'y naglalaban,  
at ang mayaman ay nagdiriwang,  
kami'y pinipiga ng pamahalaan,  
kumakayod sa pangarap na yumaman.*

*Walang natatanggap na tulong o aruga,  
ngunit sa buwis laging nagbabayad nang kusa.  
Ang mga Pilipino ba ay bulag o tanga?  
O sadyang mapanlinlang ang mga puta.*

*Duwag ang mga nasa kapangyarihan,  
takot sa liwanag ng katotohanan.  
Nagtatago sa anino ng kasinungalingan,  
at tuluyan ng nilamon ng sariling kasakiman.*

*Ang tapang nila'y pawang salita,  
hangin na agad naglalaho't wala.  
At ang kanilang pangalan,  
duwag, puno ng yabang—sumpa para sa inang  
bayan.*

*Wala naman tila mga alam,  
Ngunit uhaw sa kapangyarihan.  
Kawawang mamamayan,  
Ipit sa gitna, sugatan at walang laban.*

BULAG

TANGA

anina

# TASTAS NA TATAS

*panaghoy kay isidro*

"Bata. Bata, paano ka nakapagsalita?"

Balabura. Madungis. Masabol. Wika ng tinig kong paos ay tila palahaw ng demonyo sa pandinig ng iba. Tenga niyo ba ay tunay na sensitibo? O, sadyang walang nakalaang oras ng pagtugon sa panangis kong dulot ng sukdulang paghibirap. Walang lumilingon. Walang pumapansin. Walang umaalam. Sarado ang isip sa mga hinanakit: Barado ang tenga sa tunog na tanging nais lamang mapakinggan. TAKSIL— nariyan lamang upang manghimasok sa masaklap na buhay na tanging ako lamang ang tunay na nakaranas.

"Sige, bata. Sasagot ka pa."

Ang anak ng maralitang makata ay habantong din sa kasukdulan ng kabungkagan. Ang dilang namumulaklak ay nilubog sa dugo at luha. Ang malamyos na boses ay nabihag ng mapanghamak na bagtingan. At ang bata? Ang walang iyak-walang tinig ay nilamon ng karuwagan— piliin mang lumabaan ay sadlak sa pangambang lamunin ng may kapangyarihan itong nag-iisang sanga.

At tulad ng hindi mabilang na sinundang makata, tiyak ang itinakdang pagwawakas ng hilaw na sonata nitong musmos. Masakit ba? Sumobra sa hapdi at kasakalan na siyang tuluyang nag-udyok sa bagtos upang tuluyang talikuran ang kaniyang inang wika. Ang dalambati mong dala ay hindi masukat— kaya nga ba at ikaw ay tumakbo tungo sa banyagang dila?

Sumobra sa sakit? Hindi mo na kaya? Too much for one little heart to bear? Answer me, child. Were your roots that badly nourished to a point where you took the comfort of a foreign tongue just to fend the wreckage of yourself? Unbelievable. The poet from far lands who vomit flower fields now spits blades and thorns. The art of self yearning that should have been nurtured through homeland sweets and fostering passion is nowhere— It was not there at all. Blood no longer blue for royalty and pride— but with melancholic longing for what could have been of this dried laurel seed.

To speak the tongue that lashes my body to bones and marrow meant strangling oneself to eternal slumber. And uttering simple expression of any form resembling mortal desires— Curses of anger. Outburst of laughter. Sorrows in sadness.— is nothing but a hopeless display of my cowardliness to face the home I once spoke of. Na sa kabila ng patuloy na pagputol sa dilang timawa, ay nagbabakasakali, even just for once, muli kong matatamasa ang kalayaan sa pagbigkas ng lengguwabeng tanging dilang nagmula sa Perlas ng Silanganan ang makakapagbigay.

Kaya bata-bata, kailan ka magsasalita?

**ISDA KAYO D'YAN**

**HINDI LANG PALA NATIN  
MAKIKITA ANG ISDA SA  
PALENGKE?**

**PATI RIN PALA SA KALYE,  
SA GITNA NG TIRIK NA ARAW,  
MAYROONG SUMISIGAN.  
ISDAAAA, ISDAAAA, ISDAAAA-**

**ISDA KAYO RIYAN!  
PASAN-PASAN ANG PINGGA NA MAY  
DALAWANG NAKABITING TIMBA.  
TAGAKTAK ANG PAWIS NA 'DI ALINTANA**

**PARA MAY MAUWI TUWINA  
ALANG-ALA SA PAMILYA.**

"Uy, matalino ka, diba?"

"Uy, mayaman kayo, diba?"

"Uy, kaya mo 'to, diba?"

"Uy, si Endel—anak ka ng teacher,  
diba?"

Mga salitang tila papuri,

pero unti-unting bumibigat sa dibdib,

parang inaasahang hindi pwedeng

mabigo,

parang bawal mapagod, bawal manghina.

Napapagod din ako.

Napupuno, nasasaktan, at minsan—  
sumusuko rin.

Hindi ako bato na mananatiling matatag  
hanggang dulo,

tao rin ako na nangangailangan ng  
pahinga at tulong.



# HINDI LAHAT

Sana, tulad ninyo, may umalalay rin sa  
akin,

may umintindi nang hindi ako  
kailangang magpaliwanag.

Pero sa gitna ng lahat—

ang mga magulang ko ang nagsisilbing  
lakas ko.

Sa kanila, natuto akong tumayo kahit  
hirap,

natuto akong lumaban kahit takot,

natuto akong magtiis kahit mabigat,

at manatiling mabuti kahit nasasaktan.

Hindi man nila nakikita ang buong laban  
ko,

alam kong may dahilan kung bakit ako  
patuloy—

dahil sa likod ng bawat "kaya mo 'yan,"  
may pusong pilit lumalaban, kahit pagod

na.

# NG NAKIKITA

: aton

Kami ang nasa gitna—  
Ang pagitan ng “kulang” at “sobra”  
hindi marangya, hindi rin naghihirap  
Tabimik lamang naglalakad  
Sa isang lubid na walang nakakikita

May kalyo sa palad, ngunit hindi sapat bilang ibanyag na pagdurusa  
May laman ang bulsa, ngunit hindi sapat para sa ginhawa  
Nakakakain ng tatlong beses sa isang araw,  
May pangtustos sa matrikula,  
May bubong na sinisilungan, ngunit napapasok pa rin ng mga bagyo—sa  
alalahanin, sa mga bayarin.

Hindi kami kabilang sa karangyaan,  
Ni sa dilim ng limos  
Wala gaanong naghahayag ng kwento namin—  
Marahil, masyado kaming maayos para kaawaan  
Marahil, masyado kaming kapos para kainggitan

Sanay kami sa salitang “halos”  
Halos mayaman  
Halos kapos  
Halos labat

Kami ang nasa gitna.  
Ang kunong balat-kayong mayaman ng bayan.  
Ang walang puwang sa kahirapan,  
ngunit walang prebilibeyo sa kayamanan.

**SAAN AKO LULUGA?**



# What Rose To The Surface

Written by hewho


*Money fell from above like it was nothing.*

*Inside, a rich man threw bills without care. The woman beside him just watched. They didn't think about where the money would go.*

*In front of them, a middle class man stood quietly. He watched every bill fall, hoping it could help him, but knowing it probably wouldn't.*

*Outside, a poor boy sat on the ground. One bill flew near him and landed by a puddle. He looked at it, then at his reflection in the water.*

*He didn't smile.  
The rich kept spending.  
The middle kept hoping.  
The poor kept waiting.*



dear, mama

ibang-iba ang buhay ko rito sa manila.  
sa totoo lang, miss ko na riyar sa probinsya.  
sariwang hangin, pati iyong alaga nating mga pusa.  
gusto ko na umuwi, ma.

pakiramdam ko, mamamata'y na ako rito sa pangungulila.  
nakakapagod pala rito mag-strava, ma.  
grabe iyong pagkangalay ng aking mga paa  
sa pagbagsak sa kahabaan ng escotta.  
hindi rin romanticizing ang transpo rito, ma.  
mabanas, siksikan, at iba sa pedicab na aking kinagisnan.  
at mas lalong hindi masaya mag-aral dito.  
maraming mapanghugang tao, feel ko hindi ako belong dito.  
pero titisin ko lahat nang ito.  
lahat ng mga panibughong nararamdaman ko.

mahal na mahal kita, mama ko.  
magsusumikap si nanan mo para sa pangarap nating tatlo.  
ikaw, si ate, at ako.

mag-iingat palagi kayo.



nagmamahal,

nanan





# Palakpak Walang Gitna

*Jaeyah*

Sa bawat tagumpay ng lipunan palaging may palakpak sa mga nasa taas at awa para nasa baba—pero paano naman ang nasa gitna?

Sa gitna ng mataas na pangarap at mataas na bilihin, ang sektor na nasa pagitan ng “sakto lang” at “bakit kulang pa rin?” ay ang mga taong sa bayaran ng buwis? Laging kasama—ngunit sa tikiman ng binayad? Laging nakakalimutan.

Mga taong nakikipagsapalaran sa pang-araw-araw na pamumuhay, pumapasok nang walang kain, sasabak sa traffic, at uuwing pagod. Sa huli, uuwing may ngiti pa ring dala para sa pamilya. Hindi kayamanan kaya sila ay lumalaban nang patas sa araw-araw.

The middle class — the ones often called, “the backbone of society”

Mga taong palaging nakakaranas ng pagod at ngalay, ngunit patuloy pa ring kumikilos para mabuhay. Hindi nila madalas maranasan ang tunay na “sarap ng buhay.” Hindi sila ang mga taong kayang sabihin na “Deserve ko ‘to!”, dahil mas inuuna nila ang pangangailangan ng pamilya kaysa sa sariling luho.

Parang isang eksenang may ingay ng tagumpay, pero walang tunog.

All of the sacrifices are heard and despite all of that, parang kulang pa rin.

Sa kabilang banda, kahit walang pumapalakpak, sila ay masaya at patuloy na binibigyang halaga ang katayuan dahil ang mga nasa pagitan ay hindi lamang ang tanyag na mga nasa gitna—sila ang tulay, pundasyon, at lakas na bumubuhay sa sariling mundo.

dibuho ni greg gian gunio



# HINDI AKO TAMAD

tiny tale by Greg Gian Gunio

Hindi ako tamad. Sa edad na bente sais, kumikita ako nang sapat para kumain ng tatlong beses sa isang araw, kapalit ng maghaponng pagsagot sa mga hinaing ng mga kliyenteng abusado. Saan napupunta ang ambag na galing sa aking mga kalyadong palad na naghihinagpis? Hindi ako tamad. Sadyang mali lamang ang mga taong nakikinabang sa bunga ng aking dugo't pawis.



# DALAWANG GILID NG PISO

by Sunflower

pangarap ang yumaman.  
pasakit ang humirap.

